JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 3

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# FILIPINO

## Ikatatlong Markahan- Modyul 6:
## Pagsisipi ng Liham



Pangalan: ________________________________________

Baitang/Seksyon: __________________________________

Paaralan: ________________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Mary Joy C. Jamilar

**Editor:** Lindo O. Adasa Jr.

**Tagasuri:** Anelita A. Bulay-og
Julieta H. Tibon
Roderick R. Luna

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Edgardo P. Jamilar Jr.

**Tagalapat:** Peter Alavanza

**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO IV
Oliver B. Talaoc, Ed.D
Ella Grace M. Tagupa, Ed.D
Jephone P. Yorong, Ed. D
Lindo O. Adasa Jr.

## Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nasisipi nang wasto at maayos ang mga liham

## Balikan

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang tawag sa mensahing nais ipaabot sa isang talata/teksto?
   a. Paksa o Pangunahing Kaisipan b. Sumusuportang kaisipan

2. Ito ay nagbibigay linaw sa mensahe o nagsasaad ng mga detalye upang ito ay higit na maunawaan.
   a. Paksa o Pangunahing Kaisipan b. Sumusuportang kaisipan

| Aralin 6 | Pagsisipi ng Liham |
|---|---|

## Tuklasin

Basahin ang liham na nasa kahon at sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Lagyan ng tsek ang kahon na may tamang sagot.

Barangay ng Banbanan
Lungsod ng Dapitan
Pebrero 3, 2014

Mahal na G. Cruz:

Nabasa ko sa bulletin board ng aming paaralan na naghahap kayo ng scholar para sa inyong kompanya.

Sumulat po ako upang ipahayag ang aking pagnanais na mag-apply sa scholar ninyo.

Kalakip nito ay ang aking bio-data.

Umaasa akong agad na matanggap ang inyong sagot sa liham na ito.

Lubos na gumagalang,
Marisa Santos

1. Sino ang sumulat ng liham?

☐ G. Cruz ☐ Marisa Santos

2. Kanino siya sumulat?

☐ G. Cruz ☐ Marisa Santos

3. Kailan siya sumulat ng liham?

☐ Pebrero 13, 2014 ☐ Pebrero 3, 2014

4. Ano ang nais ipahiwatig ni Marisa sa kanyang liham? (2puntos)

☐ Nagpapasalamat sa natanggap na scholar.

☐ Nag-aapply ng scholar sa isang kompanya.



# Suriin

**Basahin at unawaing mabuti.**

Ang **liham o sulat** ay isang mensaheng isinulat na naglalaman ng kaalaman, lihim, balita, o saloobin ng isang tao na ibibigay sa kapwa tao.

**5 BAHAGI NG LIHAM**

1. **Pamuhatan**

Naglalaman ito ng **address o petsa** kung kailan isinulat ang liham. Halimbawa:

| |
|---|
| Barangay ng Banbanan<br>Lungsod ng Dapitan<br>Pebrero 3, 2014 |

. **Bating Panimula**

Dito binabati ng may akda ang kanyang sinusulatan. Ginagamit dito ang bantas na tutuldok (**:** ).

Halimbawa: Mahal na G. Cruz:

Mahal kong kaibigan

3. **Katawan ng Liham**

Sa bahaging ito nakasulat ang nais iparating ng may akda sa kanyang sinusulatan.

4. **Bating Pangwakas**

Sa bahaging ito ipinapahayag ang magalang na pamamaalam ng sumulat ng liham. Ginagamit dito ang bantas na kuwit (**,**).

Halimbawa: Lubos na gumagalang,

Nagmamahal,

5. **Lagda**

Dito nakasaad ang **pangalan** ng nagpapadala ng liham.



# Pagyamanin

**A. Panuto:** Tukuyin ang bawat bahagi ng liham. Isulat ito sa kahon.

1. [ ] — Barangay Banbanan
Lungsod ng Dapitan
Ika-25 ng Nobyembre 2020

Mahal kong Ana, — 2. [ ]

3. [ ] — Kahit matagal na tayong hindi nagkikita hindi parin ako nakakalimot sa ating pagkakaibigan. Kumusta kana ba? Ako pala ay isa ng manggagamot. Sana ay nagging mabuti ang iyong buhay.

Nagmamahal, — 4. [ ]

5. [ ] — Joy

**B. Panuto:** Buuin ang liham na nasa ibaba. Isulat ito ng inyong papel.

1. Pamuhatan — Barangay Bagting
Lungsod ng Dapitan
Ika- 2 ng Disyembre

2. Bating Panimula — Mahal kong Marie:

3. Katawan ng Liham — Magandang araw sa iyo. Kumusta ka na? Matagal na din tayong hindi nagkita simula ng lumipat ako ng paaralan. Namimiss ko na kayong lahat.

4. Bating Pangwakas — Nagmamahal,

5. Lagda — Sheena



# Gawain

**A. Panuto:** Tukuyin ang bahagi ng liham. Isulat ang titk ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

a. pamuhatan
b. bating panimula
c. katawan ng liham
d. bating pangwakas
e. lagda

______1. Larry

______2. Barangay Lawaan
Lungsod ng Dapitan
Ika-8 ng Disyembre

______3. Mahal kong kaibigan:

______4. Nagmamahal,

______5. Ako ay lubos na nagpapasalamat sa pagdalo mo sa aking kaarawan. Tuwangtuwa ako sa binigay mong regalo. Sana ay makakapunta ka ulit dito sa darating na bakasyon.

**B. Panuto:** Isulat ang **T** kung tama at **M** kung mali.

__________ 1. Ang petsa at address ay makikita sa pinakahuling bahagi ng liham.
__________ 2. Kailangan gumamit ng tamang bantas sa pagsulat ng liham.
__________ 3. Sa lagda makikita ang pangalan ng sumulat ng liham.
__________ 4. Ang bating panimula ang unang bahagi ng liham.
__________ 5. Kuwit (,) ang ginagamit na bantas sa Bating Pangwakas.



# Isaisip

**Bilugan ang tamang salita sa loob ng saknong.**

1. Ang ( pamuhatan, lagda ) ay naglalaman address o petsa kung kalian isinulat ang liham.
2. Sa bating panimula ay ( tinatawag, binabati ) ng may-akda ang kanyang sinusulatan.
3. Sa ( katawan ng liham, pamuhatan )nakasulat ang nais iparating ng may akda sa kanyang sinusulatan.
4. Sa bating pangwakas nakasaad ang( masunurin, magalang ) na pamamaalam.
5. Sa lagda nakasaad ang ( pangalan, address )ng may-akda.





# Tayahin

A. **Panuto**: Pagsunudsunurin ang bahagi ng liham na nasa ibaba. Isulat ang bilang 1 – 5 sa patlang.

________ Ang iyong kaibigan,

________ Barangay Lawaan
Lungsod ng Dapitan
Ika-18 ng Disyembre 2021

________ Mahal kong Rita:

________ Dennise

________ Humingi ako ng paumanhin dahil hindi ako nakapunta sa iyong kaarawan
Muli paumanhin sayo.
noong isanglinggo.



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sumulat ng sariling liham para sa iyong kaibigan. Isulat ito sa inyong sagutang papel.(10puntos)

**RUBRIK SA PAGSULAT NG LIHAM**

| Pamantayan | 5 | 3 | 1 |
|---|---|---|---|
| **Organisasyon** | Maayos at malinaw ang organisasyon ng mga ideya. | Hindi masyadong malinaw ang organisasyon ng mga ideya. | Lumihis sa ipinapagawa o sa dapat ipapahayag na mensahe ng gawain. |
| **Gramatika at Pagbaybay** | Walang mali sa pagbaybay at gramatika. | May 1-5 mali sa pagbaybay at gramatika. | May 6 o higit pang mali sa pagbaybay at gramatika. |
| **Kalinisan** | Napakalinis ng awtput; walang makikitang bura at nasusunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. | Kakikitaan ng 1-5 pagbura ng mga salita at hindi nasunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. | Kakikitaan ng 6 o higit pang pagbura ng mga salita at hindi nasunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. |



# *Susi sa Pagwawasto*

Balikan
1. a
2. b
3. b

Tuklasin
1. Marisa Santos
2. G. Nardo cruz
3. Pebrero 3,2014
4. Nag-aaply ng scholar sa isang kompanya

Pagyamanin

A.
1.)Pamuhatan
2.) Bating Panimula
3.) Katawan ng Liham
4.) Bating Pangwakas
5.) Lagda

**B.**

Barangay Bagting
Lungsod ng Dapitan
Ika- 2 ng Disyembre

Mahal kong Marie:

Magandang araw sa iyo. Kumusta ka na? Matagal na din tayong hindi nagkita simula ng lumipat ako ng paaralan. Pasensya kana dahil hindi na ako nakakadalaw sa inyo.Namimiss ko na kayong lahat.

Nagmamahal,
Sheena

Gawain A
1. e
2. a
3. b
4. d
5. c

Gawain B
1. M
2. T
3. T
4. M
5. T

Isaisip
1.)pamuhatan
2.) binabati
3.) Katawan ng Liham
4.) magalang
5.) pangalan

Tayahin

2
5
1
3
4

## *Sanggunian:*


Batang Pinoy Ako –Ikatlong Baitang Kagamitan ng Mag-aaral sa Filipino pp.163

Unang Edisyon 2014

Muling Limbag 2016

ISBN:978-621-402-041-6

https://philnews.ph/2019/07/15/uri-ng-liham/

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.